# Istasyon ng Boeing Access Road

Tagsibol 2025

## Tungkol sa proyekto

Ang Proyekto ng Boeing Access Road ng Sound Transit ay magdadagdag ng bagong istasyon sa kasalukuyang 1 Line ng Link light rail network na nasa kahabaan ng kanlurang bahagi ng East Marginal Way South, na nasa hilaga lamang ng South 112th Street sa Tukwila. Ang istasyon ay bahagi ng Plano ng 1996 Sound Move at ng sistema ng plano ng Sound Transit 3 (ST3) na inaprubahan ng botante noong 2016 upang mapahusay ang koneksyon at pag-access sa ating rehiyon.

## Ang mga benepisyo at elemento ng proyekto

Ang pagdaragdag ng bagong istasyon sa Boeing Access Road ay:

- Magdurugtong sa 5.5 na milyang puwang sa pagitan ng mga istasyon ng Rainier Beach at Tukwila International Boulevard, na magpapalawak sa access sa mataas na kapasidad ng pagbibiyahe sa rehiyon.
- Daragdagan ang access sa mas malaking Link light rail network upang matulungan ang mga tao na makarating sa mga lugar na kailangan nilang puntahan araw-araw.
- Magbibigay ng mga koneksyon sa Link light rail sa pamamagitan ng paglalagay ng isang bagong pasilidad ng paradahan at isang pasilidad sa paglilipat ng bus.
- Susuportahan ang paglago sa hinaharap at nakaplanong pagpapabuti ng transportasyon sa lugar ng proyekto




**Mabilis at madalas na serbisyo sa mga pupuntahan:**

Boeing Access Road hanggang sa Sea-Tac Airport: 10 minuto
Boeing Access Road hanggang sa downtown Seattle: 26 minuto

**Ang kasalukuyang katayuan ng proyekto: Pagpaplano**

## Pagkakapantay-pantay at pagiging inklusibo

Sa Sound Transit, kami ay nakatuon sa paglikha ng mga kundisyong kinakailangan upang makamit ang pagkakapantay-pantay ng lahi sa loob ng aming ahensya at sa mas malawak na komunidad. Hinahamon namin ang aming sarili na magplano, magpatayo, at magpatakbo ng pampublikong sasakyan na nagbibigay ng pantay na access sa pabahay, edukasyon, pasilidad na medikal, at mga pagkakataon sa trabaho, lalo na para sa mga pinakanapinsala ng institusyonal at sistematikong diskriminasyon sa lahi.

## Timeline ng proyekto





401 S. Jackson St. | Seattle, WA 98104
800-201-4900 / TTY: 711 | main@soundtransit.org | soundtransit.org


SOUNDTRANSIT / Powering progress




## Pagbabago sa Tagsibol ng 2025

Noong Marso 2025, tinukoy ng Lupon ng Mga Direktor (Board of Directors) ng Sound Transit ang lokasyon ng East Marginal Way bilang iminungkahing lokasyon ng Istasyon ng South Boeing Access Road Infill para sa pagsusuri sa kapaligiran.

## Pakikipag-ugnayan sa komunidad

Ang proyekto ay kasalukuyang nasa konsepto ng engineering at pagsusuri ng kapaligiran na bahagi ng pagpaplano. Sa bahaging ito, bumuo kami ng mga konsepto ng disenyo at sinusuri ang mga potensyal na epekto sa kapaligiran ng proyekto. Susunod ang mga pagsusuri sa kapaligiran sa Batas ng Pambansang Patakaran sa Kapaligiran (National Environmental Policy Act, NEPA) at sa Batas ng Estado sa Patakaran sa Kapaligiran (State Environmental Policy Act, SEPA).

Kasama ng mga teknikal na pagsasaalang-alang, ang feedback ng komunidad ay magpapa-alam sa disenyo ng istasyon at mga nauugnay na elemento. Kami ay nakikipag-ugnayan sa Lungsod ng Tukwila, mga organisasyon sa komunidad, at mga indibidwal para maghanda ng mga briefings, open houses, at karagdagang outreach at pakikipag-ugnayan. Ang pakikipag-ugnayan at input ng komunidad ay tutulong sa Sound Transit na magplano at magdisenyo ng isang sistema na sumasalamin sa mga pangangailangan at kagustuhan ng iyong komunidad. Magkakaroon ng ilang pagkakataon na makisali sa buong proyekto, at maaari kang makipag-ugnayan sa pamamagitan ng mgapagtatanong, mga iniisip, o kahilingan para sa isang briefing para sa iyong komunidad.

## Mga kaugnay na proyekto

Ang Istasyon ng Boeing Access Road ay isa sa maraming mga proyekto na itinatayo ng Sound Transit para mapahusay ang koneksyon at pag-access sa ating rehiyon. Tingnan ang higit pang mga proyekto sa soundtransit.org/system-expansion.

## May mga tanong?

Makipag-ugnayan sa pangkat ng pakikipag-ugnayan sa komunidad: boeingaccessstation@soundtransit.org

**Manatiling konektado**
**Matuto ng higit pa tungkol sa proyekto at mag-subscribe sa mga update sa email:**

**soundtransit.org/graham-street-station**

401 S. Jackson St., Seattle, WA 98104 | main@soundtransit.org
soundtransit.org | 888-889-6368/TTY: 711 | To request information in alternative formats call 800-201-4900/TTY: 711 or email accessibility@soundtransit.org.

**Interpreter 800-823-9230**
Español 漢語 한국어 日本語
Tagalog русский язык Tiếng Việt

Follow us:

SOUNDTRANSIT